**INTERNATIONAL NAPASA ( August 19 2025 )**

### 1) SEMINAR PARA SA PAGGAWA NG COMPOST MULA SA BASURANG PAGKAIN

生ゴミから堆肥を作る講習会のお知らせ

Sa August 20 (Wednesday) ay magkakaroon ng "***SIMINAR SA PAGGAWA NG COMPOST MULA SA BASURANG PAGKAIN"*** dito sa Hiratsuka City. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 3:00 ng hapon. Ang lugar ay sa Hall ng 1st floor ng Hiratsuka City Office

**ANG MGA PAG-AARALAN AY ANG MGA SUMUSUNOD NA 4 NA MGA PAMAMARAAN :**

1. Paraan ng paggawa ng compost sa pamamagitan ng pagbabalik sa lupa ng mga Basurang pagkain.
2. Paraan ng paggawa ng compost gamit ang Composting Bin.
3. Paraan ng paggawa ng compost gamit ang planter.
4. Paraan ng paggawa ng compost gamit ang Styrofoam Box.

Dito ay hindi na kinakailangan pang magpareserba, dumerekta na lamang sa 1st floor ng City Office. Para sa iba pang katanungan ay maaaring makipag-ugnayan sa ***ENVIRONMENTAL POLICY DIVISION.***Telephone No. **0463-21-97-62 (0463-21-9762).**

### 2) IMPORMASYON UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa August 24 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

### 3) UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa August 31 ang huling palugit ng ikalawang bahagi ng bayarin ng ***MUNICIPAL TAX.*** Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa ***TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769).**

## 4) IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚直売会のお知らせ

Sa August 23 (Saturday) ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda at Shonan Shirasu ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 10:00 ng umaga. At ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda.

Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

## 5) IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa August 20 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng Clarinet Performance na ***"Himig ng Tag-init"*** at sa hapon mula 1:00 hanggang 2:00 ng hapon ay isasagawa naman ng Piano, Chelo at Clarinet Concert na ***"Trio Luminosa".***

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**